# Paglinang Sa Kasanayang Pasalita Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 10: Isang Suplementaryong Kagamitan

## *(Developing Grade 10 Students' Speaking Skills: A Supplementary Tool)*

**Reziel D. Lopez, MAT**
Teacher III
Mahaplag National High School
Mahaplag Leyte, Philippines

***Abstract*—An evaluative developmental research design was used in this research. Students in Grade 10 at Mahaplag National High School in Mahaplag, Leyte, Philippines, participated in the study. Talk shows, debates, acting, and broadcasting are a few instances of the researcher's prepared work of the researcher. This entire activity can be found in Module 10. The T-Test is the technique used to gauge how proficient a student is at speaking. It was discovered that the pupils' oral communication skills are less effective. The component fluency and content have a good description and pronunciation, grammar and vocabulary both have a less effective description. A Learning Materials in Filipino Grade 10 on the development of macro speaking skills was generated. Having a teaching intervention in the cultivation of speaking skills, there is an opportunity to improve the weakness of the students. Based on the results of the study, the researcher suggested to think more interventions to develop the students' abilities and not stop looking for interventions to fill the lack of students.**

***Keywords—grammar, learning materials, strategy, vocabulary***

**Abstrak**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Evaluative Developmental Research Design.* Mga mag-aaral sa Grade 10 sa Mahaplag National High School, Mahaplag. Leyte, Philippines ang mga kalahok ng pag-aaral na ito. Apat na gawaing pasalita ang inihanda ng mananaliksik mula sa 1st kwarter hanggang 4th kwarter. Ang pagtatalo/debate, broadcasting, talkshow at pagsasadula ang inihandang gawain ng mananaliksik. Ang gawaing ito ay pawang mga gawaing matatagpuan sa Modyul 10. *T-Test* ang paraang ginamit sa pagsusuri sa antas ng kakayahan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komunikasyong pasalita ay may antas na *hindi gaanong mahusay.* Ang komponent na katatasan (fluency) at nilalaman (content) ay may deskripsyong *mahusay* at ang bigkas (pronounciation), gramatika (grammar) at bokabularyo (vocabulary) ay parehong may deskripsiyong *hindi gaanong mahusay.* Isang *Learning Materials* sa Filipino Grade 10 sa pagpapalinang ng makrong kasanayan ng pagsasalita ang nabuong awtput. Ang pagkakaroon ng interbensiyon sa pagtuturo sa paglinang ng kasanayang pagsasalita, ay may pagkakataon na mapalinang ang kahinaan ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng pag-aaral iminungkahi ng mananaliksik mag-isip pa ng mga interbensiyon para mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral at hindi titigil sa paghahanap ng mga interbensiyon para mapunan ang kakulangan ng mga mag-aaral.

**MGA SUSING SALITA:**

*bokabularyo; estratehiya; gramatika; learning materials*

## Introduction

Ang pagkakaroon ng isang mahusay na gradweyt ay ang pangunahing mithiin ng bawat tagahubog. Sa paghubog, maraming batayan kung paano malinang ang kakayahan ng bawat mag-aaral dahil ang paraan ng pagtuturo ay magbabago sapagkat nagdedepende ito sa uri ng mag-aaral mayroon ang isang guro at sa sitwasyon. Isa sa mga katangian ng 21st century'ng mga mag-aaral ay ang komunikasyon. Isa ito sa laging ipinaalaala ng tagapangasiwa sa Kagawaran ng Edukasyon na makabuo ng isang mahusay na tagapagsalita. Isa rin itong hangarin ng programang K to 12 kurikulum. Isa itong napakalaking hamon ng mananaliksik bilang isang guro dahil isa ito sa mga medyur na kahinaan ng mga mag-aaral lalo na sa kanyang advisory na Grade 10. Ito ang dahilan kung bakit naisipan ng mananaliksik na gumawa ng pag-aaral na ito.

Binahagi nina Borong at Yamson (2023), ang isang magandang puhunan upang maisakatuparan ang hangarin ng pamahalaan na magkaroon ng isang produktibong mag-aaral ay ang paggamit ng katangi-tanging kagamitang pampagtuturo. Kaya naniniwala

at umaasa ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay magsisilbing tulay na makatulong sa pagpapalinang sa kahinaan ng mga mag-aaral. Nang ipinatupad ang K to 12 kurikulum bukambibig na sa namumuno ng paaralang kinabibilangan ng mananaliksik na bawat guro ay pagtuunan ang pagpapalinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip (*critical thinking*), malikhaing pag-iisip (*creative thinking*), kolaborasyon (*collaboration)* at komunikasyon *(communication).* Ipinakita lamang dito na kailangan pa ng Pilipinas ang kakayahang makapagpapanatili at makasabay sa tinawag na globalisasyon kaya ang pagiging malikhain, inobatib o pagkakaroon ng 21st century skills na mag-aaral kung saan ang kasanayang komunikasyon ay isa sa mga kasanayang napapaloob sa isang 21st century skills na mga mag-aaral.

Ayon sa isa sa mga mag-aaral ng mananaliksik ng nagkaroon ng impormal na interbyu habang ginanap ang home visitation *"Ang pagkakaroon ng kasanayang magsalita at mahusay na pagsasalita ay itinuturing kong isang panaginip dahil wala akong kakayahang humarap sa maraming tao"*. Ito ang nakapagpahikayat ng mananaliksik na mag-isip ng mga gawaing makatutulong sa paglinang sa kasanayang pagsasalita ng kanyang mga mag-aaral. Ipinaliwanag ni Mandado (2020) na sa pagtuturo ng Filipino ay hinanapan ng mga pamaraan upang matugunan ang mga pangangilangan ng ika-21 siglong mag-aaral.

Ang guro ay walang katapusan sa pagdukal ng mga interbensiyon at estratehiyang makatutulong sa pagpapalinang ng pang-akademikong gawain ng kanyang mga mag-aaral para lamang mapaunlad ang kakulangan at kahinaan ng kanyang mga mag-aaral (Bernabe, 2019). Ang suliranin ng mananaliksik ay may kaugnayan din sa resulta ng pag-aaaral nina Vocal at Borong (2019) na ang kakayahang pasalita ng kanilang mga kalahok ay pawang nakakuha ng *mababang kakayahan.* Ipinaliwanag ni Bernabe (2019) na bilang guro na inatasang maghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral kailangang bubuo ng mga interbensyon tulad ng isang *learning materials* upang mapalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Naniniwala ang mananaliksik na ang mga interbensiyong ginawa ng mga guro sa pagpapalinang at pagkilala sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ay nakatutulong na mabigyan ng solusyon at matugunan ang suliranin ng mga guro sa kakayahan ng mga mag-aaral. At ang nabuong awtput ng pag-aaral na ito na isang *learning materials* ay makatutulong sa pagpapalinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa Grade 10.

## RESEARCH OBJECTIVES

Layunin ng pag-aaral na ito ay makilala ang kasanayang ng pagsasalita ng Grade 10 sa Mahaplag National High School. Sa pag-aaral na ito ay makilala ang antas/lebel ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa kasanayang pasalita batay sa katatasan (*fluency)*, bigkas (*pronunciation*), gramatika (*grammar*), bokabularyo (*vocabulary*) at nilalaman (*content*).

## RESEARCH METHODOLOGY

*Desinyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Evaluative Developmental Research Design.* Ito ay angkop gamitin sa pagkilala ng kasanayan ng mga mag-aaral dahil sinuri muna ng mananaliksik ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa resulta ng pagsusuri bumuo o nagdesinyo ang mananaliksik ng mga pagsasanay na napapalooban ng mga estratehiya na makalilinang sa kasanayan ng mga mag-aaral.

*Lugar ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Mahaplag National High School, ito ay matatagpuan sa lalawigan ng Mahaplag Leyte na makikita sa Brgy. San Isidro, Mahaplag, Leyte, Philippines.

*Kalahok ng Pananaliksik*

Mula sa Grade 10 na mga mag-aaral sa Mahaplag National High School ang mga kalahok ng pag-aaral na ito. Iisang seksyon lamang ang ginawang kalahok na may apatnapu't anim (46) na mga mag-aral. Lahat ng mga mag-aaral ang ginawang kalahok na may labing-anim na babae at dalawampung mga lalaki. Ang mga kalahok na kinuha ay ang advisory ng mananaliksik.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Apat na gawaing pasalita ang inihanda ng mananaliksik mula sa 1st kwarter hanggang 4th kwarter. Ang pagtatalo/debate, broadcasting, talkshow at pagsasadula ang inihandang gawain ng mananaliksik. Ang gawaing ito ay pawang mga gawain matatagpuan sa Modyul 10. Ang mga sitwasyon inihanda ng mananaliksik ay mga sumusunod: para sa pagtatalo *harapan ng mga kandidato sa pagkapangulo, tungkol sa nahuling walang face mask at face shield ang sitwasyong ibinigay* para sa broadcasting, *COVID 19* ang sitwasyong ginawan ng talkshow ng mga mag-aaral at *responsibilidad para sa bayan at ang katuparan ng pangarap sa buhay* ang tema para sa pagsasadula. Ang mga sitwasyong inihanda ng manaliksik ay temang iminungkhai ng modyul ng DepEd. Sadyang pinili ang apat na tema sapagkat bukod sa ito ang iminungkahi ng modyul, madali ring itong maiugnay ng mga mag-aaral sa kanilang sariling buhay.

*Pamamaraan ng Paglikom ng Datos*

Pagkatapos nagawa ang mungkahi at rekomendasyon ng mga tagasuri/panel sa inilahad na panukalang papel agad kinausap ang punong-guro para sa gagawing pag-aaral. Para lahat makuha ang hinihingi sa pag-aaral na ito ay gumamit ang mananaliksik isang video recorder habang ginawa ng bawat grupo ang pagtatalo, broadcasting, pagtatalumpati at pagsasadula . Ipinangako ng mananaliksik na ang mga nakuha sa video tanging mga tagasuri lamang ang makakita nito para mapanatili ang itinalaga sa *privacy act law*. Sa aktuwal na pangangalap ng datos, humingi muna ng

pahintulot ang mananaliksik sa mga magulang sa gagawing mga pasalitang gawain. Kampanteng ginawa ng mananaliksik ang face to face na gawain dahil nakipagtulungan ang mga magulang ng mga mag-aaral habang ginawa ang mga gawain. Sa pagsuri ng kakayahan ng mga mag-aaral, kumuha ang mananaliksik ng tatlong eksperto na siyang sumuri sa kakayahan ng mga kalahok. Ang tatlong ekspertong kinuha ay pawang nagtuturo ng wika at pawang nakatapos ng MAED o MAT Filipino. Sa pagsuri naghanda ang mananaliksik ng isang pamantayan o rubric sa pagsasalita na nakuha mula sa Komunikasyon sa Akademikong Filipino ni Badayos, 2014. Pagkatapos nilapatan ng mga tagasuri ang antas ng kakayahan ng pagsasalita agad sumangguni ang mananaliksik ng istatistiyan upang lapatan ng estadistika ang bawat komponent ng pagsasalita.

### Paraan ng Pagsusuri

*T-Test* ang paraang ginamit sa pagsuri sa antas ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa Grade 10 ng Mahaplag National High School, Philippines.

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

Sa bahaging ito ay sinuri, inilahad at binigyang kahulugan ang resulta ng pagsusuri sa pagpapalinang ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ng Grade 10 sa Mahaplag National High School, Mahaplag Leyte, Philippines.

### Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Komunikasyong Pasalita

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad sa resulta ng pagsusuri sa pagkilala sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral ng Grade 10 sa Mahaplag National High School. Ang resulta sa Talahanayan 1 ay naglalahad sa resulta sa suliranin 1 na makilala ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyong pasalita ng Grade 10 sa Mahaplag National High School. Ang resulta ng pag-aaral bilang isang guro sa Grade 10 ay nakababahala dahil nakakuha lamang ng 2.36 na weighted mean o *hindi gaano mahusay* kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita.

**Talahanayan 1:** Antas ng Kasanayang Pagsasalita ng mga Mag-aaral sa Baitang 10

| Component | Weighted Mean | Standard Deviation | Description |
|---|---|---|---|
| Katatasan *(Fluency)* | 2.65 | 0.7261 | Mahusay |
| Bigkas *(Pronunciation)* | 2.38 | 0.6916 | Hindi Gaanong Mahusay |
| Gramatika *(Grammar)* | 1.98 | 0.5787 | Hindi Gaanong Mahusay |
| Bokabularyo *(Vocabulary)* | 2.14 | 0.5259 | Hindi Gaanong Mahusay |
| Nilalaman *(Content)* | 2.67 | 0.7130 | Mahusay |
| **Average** | 2.36 | 0.6471 | Hindi Gaanong Mahusay |

*Pamantayan:*

| Scale | Interval | Description |
|---|---|---|
| *4* | *3.26-4.00* | *Napakahusay* |
| *3* | *2.51-3.25* | *Mahusay* |
| *2* | *1.76-2.50* | *Hindi Gaanong Mahusay* |
| *1* | *1.00-1.75* | *Hindi* |

Makikita sa talahanayan na ang komponent na katatasan (*fluency*) at *content (nilalaman)* ay may deskripsyong *mahusay* o may weighted mean na 2.65. Nangangahulugan ito na may kakayahan ang mga mag-aaral na magpahayag at may kakayahan din silang bumuo ng konsepto batay sa sitwasyong ibinigay ng guro. Ibig sabihin may kakayahan ang mga Grade 10 na mag-aaral sa Mahaplag National High School na makapagpapahayag sa wikang Filipino. Malaki ang kanilang tiwala sa sarili na maipaabot ang kanilang mga ideya at opinyon gamit ang Filipino. Ayon kay Tanquezon (2016) kung ang mag-aaral ay may katatasan (*fluency*) sa pagsasalita ay daan ito na magkakaroon ng mabisang paraan sa pagtamo ng matagumpay na pagtuturo. Sa resultang ipinakita sa talahanayan ay nakapagbigay gabay ng mananaliksik na may kahusayan ang kanyang mga mag-aaral sa paglalahad.

Sa komponent naman ng nilalaman (*content*) ay nagpapakita na mahusay ang mag-aaral na bumuo isang ideya batay sa mga gawaing ibinigay ng manananaliksik. Patunay nito ang komponent na nilalaman ay may pinakataas na *weighted mean* sa lahat na komponent, ito ay may 2.67. Ipinakita rito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makabuo ng isang pahayag na napapalooban ng tamang detalye. Ayon nina Yamson at Borong (2023) ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay nagiging malikhain sa pagbuo ng katha dahil sa kanilang exposure sa mass media. Hindi maipagkaila na ang mga kabataan ngayon ay mahilig manood ng mga teleserye at mga pelikula kung saan nakatutulong ito sa pagpapalinang ng kanilang imahinasyon.

Ang resultang ito ay nakababahala, dahil makikita sa talahanayan na tatlo (3) sa komponent ay nakakuha ng *hindi gaanong mahusay.* Ang **bigkas** *(pronounciation)* ay may 2.38 *weighted mean* lamang ang antas na nakuha. Bilang guro sa Grade 10 nakababahala ang resultang ito dahil ang wikang Filipino ay madali lamang itong bigkasin ngunit nakakuha lamang ng mababang *mean*. Ang pagbigkas ay isa sa mga itinuturing na pinakamahalagang angkinin sa mga tagapagsalita. Ito ay paraan kung paano binabanggit o sinasalita ang isang salita o wika o ang paraan kung paano namumutawi ang isang salita mula sa isang tagapagsalita. Kahit gaano kaganda ang nilalaman ng inilalahad ng nagsasalita, mali-mali ang pagkabigkas ng mga salita ay maging walang kabuluhan ito. Sa mga personal na obserbasyon sa tuwing magsasalita ang isang tao ang kasuotan at ang bigkas ang unang mapansin ng tagapakinig. Kaya nakapanlulumo ang resultang ito dahil nangangahulugan ito ng isang puspusang atensiyon para mapalinang ang kanilang kakulangan.

Ang gramatika (*grammar)* ang komponent na nakuha ng pinakamababang *weighted mean* (1.98). Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang komponent na gramatika ay nangangailangan ng interbensiyon para malinang ang kahinaan ng mga mag-aaral sa Grade 10 sa wastong paggamit ng gramatika. Bilang guro sa wika ang kahusayan ng

mga mag-aaral sa wastong paggamit ng gramar ay isa sa mga itinuturing na misyon bilang isang guro. Dahil maging walang kabuluhan ang kagandahan ng isang kwento o kaya'y pahayag kung mali ang gramar na ginamit. Ayon nina Cotez (2016) at Cruz (2019) hindi dapat ipagwalang bahala ang wastong paggamit ng gramatika sapagkat may mga tagapakinig na hindi lamang ang pisikal na anyo ang tiningnan ng tagapagsalita, istriktong sinuri at pinakinggan din nila ang tamang gramatika. Ipinahayag pa nina Cotez (2016) at Cruz (2019) magiging walang kabuluhan ang tamang tikas, bigkas, bokubularyo at kagandahan ng nilalaman ng talumpati kung mali ang mga gramatika o retorika at balarila. Naniniwala ang mananaliksik na ito ay isa sa mga napakahalagang dapat angkinin ng bawat mag-aaral. Hindi lamang ito mahalaga sa kakayahang pagsasalita napakahalaga rin ito sa gawaing pasulat. Maging walang kabuluhan ang kagandahan ng isang ideya kung mali ang gramatika ng nagsasalita. Habang pinakinggan ang pahayag ng mga kalahok ginawang pagtatalo, broadcasting, talk show at pagsasadula nakapansin ang mananaliksik ng ilang pagkakamali. Tulad ng pahayag "*Nagsisikap kami para makaahon noong kasagsagan ng pandemya", "Salubungin natin ng isang masigabong palakpakan ang ating mga kagalang-galang na panauhin na sila Bert, Myrna….", "Maa'm, napansin namin na mayroong maraming taong lumabas, pinayagan na ba sa ating bayan ang lumabas kahit ang mga menor de edad?".* Ang mga ito ay iilan lamang sa pahayag sa ginawa ng mga kalahok. Kung titingnan ang unang pangungusap, mali ang pagkagamit ng pandiwang *nagsisikap* dahil tapos na ang pangyayari dapat *sinikap* ang gamitin. Ganoon din ang salita *sila* sa ikalawang pangungusap na dapat pantukoy na *sina* ang gamitin hindi ang panghalip na *sila* dahil sinusundan ito ng pantanging ngalan. Ang salitang *mayroong marami* nakakitaan din pagkakamali sa gamit ng salita. Ang salitang *may* ang dapat gamitin dahil sinusundan ito ng panuring na *marami.* Iilan lamang ito sa mga pagkakamaling sa grammar na ginamit ng mga kalahok.

Bentahe sa mga mag-aaral na may kakayahan sa pagsasalita, ito ang paraan na madali siyang magtagumpay sa kanyang mga gawaing pang-akademiko. Hindi maipagkaila na ang pagsulong ng kabihasnan ay naging mabilis at makatotohanan sa pamamagitan ng pagsasalita. Samakatuwid, kailangan ng isang indibidwal na matuto at masanay sa mga gawaing pasalita (Legaspi, 2020).

Ang komponent na bokabularyo ay nakakuha rin ng mababang weighted mean na may 2.14 na may deskripsiyong *hindi gaanong mahusay.* Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakulangan pa sa kalantaran ng mga gawaing makapagpagpalinang ng kanilang kasanayan sa bokubularyo. Sa pagsusulat at pagsasalita ang ay paggamit ng angkop na salita, idyoma at talinghaga sa pagpapahayag ay nakatutulong upang maganda ang pagpapahayag. Sinabi nina Oyedele (2016) at Chikwature (2016) marami sa mga mag-aaral na makapagpahayag sa mga sitwasyon ng kanilang nakita ngunit kulang pa ang kanilang kakayahan sa paggamit ng angkop na salita ang iba naman ay laging inuulit ang mga salita sa halip ang kasingkahulugan nito. Ang *bokabularyo* ang itinuring na medyur na problema dahil isa ito sa may pinakamababang marka sa pagsusuri ng kakayahan ng kanilang mga kalahok.

Sa matagal na panahon sa pagtuturo ang kasanayan sa pagsasalita sa mga mag-aaral ay isang malaking hamon, kaya sabi nina Bangelisan at Eslit (2018) ang pag-aaral tungkol sa estado ng kakayahan at kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaaral ay walang katapusan. Bilang tagahubog ay isang karangalan na magkaroon ng isang mag-aaral na may kahusayan sa pagsasalita sapagkat maipagmamalaki ng guro na bahagi ka kung bakit mahusay ang isang mag-aaral. Nakapanlulumo ang resultang makita sa Talahanayan 1 sapagkat ang kakayahan sa pagsasalita ay isa sa mga magandang puhunan ng bawat mag-aaral. Sa katunayan ang kasanayan sa pagsasalita "communicative skills" ay isa sa mga kasanayang binigyang diin ng 21st century skills. Ibinahagi nina Raptou, Stamatis at Raptis (2017) sa tinatawag na *globally competitive* ang kakayahan sa pagsasalita ang kinakailangan sa bawat mag-aaral upang magtagumpay siya sa kanyang patutunguhan. Sa kabila ng mga pagsisikap ng DepEd at sa tulong ng pamahalaan na magkakaroon ng de-kalidad na mga mag-aaral lalo na sa kakayahan sa pagsasalita ay nanatili pa rin itong malaking hamon sa bawat guro sa kasalukuyan (Kowalewski at Halasz, (2019). Pinatunayan ito sa resultang makikita sa Talahanayan 1.

Bilang guro sa Grade 10 ng Mahaplag National High School hindi maipagkaila na ang gawaing pasalita sa loob ng klasrum ay hindi mawawala. Naging bahagi na ito sa mga gawaing inihanda ng guro sa kanyang banghay-aralin. Ang pagpapalinang ng kasanayan ng pagsasalita ay isa sa mga kompetinsi na binigyang-diin na linangin ng bawat mag-aaral sa Grade 10. Dapat ihanda sa bagong kabanata ng kanilang edukasyon, kung saan ang kasanayan ng komunikasyon ang isa sa mga kinakailangan upang magtagumpay ang mga mag-aaral sa kanyang mga akademikong gawain. Kaya ang resultang itong ay nakapagtanto ng mananaliksik na kailangan pang pag-igtingin upang malinang ang pasalitang kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa bigkas, gramatika at

Inamin ng mananaliksik na ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay isang malaking hamon. Hamon sapagkat isa ito sa mga kahinaan ng mga mag-aaral na pinatunayan sa resultang ito na hindi masyadong mataas ang nakuhang marka ng mga kalahok. Ibig sabihin ang guro ay mag-iisip pa ng mga gawain na malilinang pa ang kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa pagsasalita. Ang resultang ito ay kailangan gumawa ng mga interbensiyon tulad ng mga *learning materials* para uunlad ang kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Responsibilidad ng bawat guro na tugunan ang hangarin ng K to 12 Basic Education Curriculum Framework na linangin ang *oral*

*communication skills* ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa tinatawag na *world of work, entrepreneurship and/or pursuing higher education* kung saan ang kasanayan ng komunikasyon ay isa sa mga pinalilinang at pinagtuunan ng 21st century skills (RA 10533).

Ang resultang makikita sa Talahanayan 1 ay nagpapahiwatig na hindi hahayaan o ipagwalang bahala ang resulta ito. Lalo na sa pagpapalinang ng kasanayang pagsasalita dahil ang epektibong komunikasyon ay pundasyon na magkakaroon ng isang magandang oportunidad sa paghahanap ng trabaho. Tayong mga guro ay parehong may hangarin na tumulong sa pagpapaunlad ng pang-akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Kaya gagawa ng iba't ibang paraan upang mapatupad ang hangarin na makabuo ng isang maipagmamalaking mga mag-aaral kapag sila ay darating na sa kolehiyo. Nakasalalay sa mga guro ang pagpapalinang sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pagsasalita hindi lamang ang *fluency*, tamang pagbigkas at ang nilalaman ng sinasalita, pagtutuunan din ng pansin ng guro ang tamang gramatika at bokabularyo.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Sa patuloy na suliranin ng guro sa kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayang pagsulat, ang pagkakaroon ng isang interbensiyon sa pagtuturo tulad ng *learning materials* ay may pagkakataon na mapalinang ang kahinaan ng mga mag-aaral sa makrong kasanayan sa pagsasalita. Batay sa resulta ng pag-aaral inirekomenda ng mananaliksik na magkakaroon pa ng pag-aaral tungkol kung paano mapalinang ang kahinaan ng mga-aaral partikular ang kakayahang komunikasyon. Patuloy na mag-isip pa ng mga interbensiyon para mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral at hindi titigil sa paghahanap ng mga interbensiyon para mapunan ang kakulangan ng mga mag-aaral. At laging lagyan ng mga guro ng mga gawaing pasalita para masanay at mapaunlad kakayahan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pag-aaral na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Main Campus sa programang MAT-Filipino.

## REFERENCES

[1] Bangelisan, K. at Eslit, E. (2018). *Speaking and listening skills of senior high school students: Basis for communication enhancement program.* Retrieved mula sa http://dx.doi.org/10.13140/RG.2.2.25281.66402

[2] Borong, N. & Yamson, S. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. *Multidisciplinary Science Journal.* https://doi.org/10.31893/multiscience .2023063

[3] Cotez, A. (2016). *Communication strategies of senior high school students towards the improvement of their english oral communication*. Di-nailathalang tesis. Unibersidad ng Pilipinas (UP), Cebu City.

[4] Cruz, N. (2019). *Improving the oral communication skills of senior high school students through the use of task-based strategy.* Action Research,Domalandan Center Integrated School, Lingayen, Pangasinan.

[5] Kowalewski, S., & Halasz, M. E. (2019). Why are written communication skills important for business students?. *Archives of Business Research*, *7*(2), 95–102. https://doi.org/10.14738/abr.72.6140

[6] Legaspi, M. (2020). *Epekto sa paggamit ng makabagong panulaan sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa senior high school*. Di-nailathalang Tesis. Southern Leyte State University-Tomas Oppus, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte.

[7] Mandado, J. (2020). Ang penomenong awiting Visayan Popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. *American Journal of humanities and social sciences research*, 4(11), 188-195. Retrieved mula sa https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf

[8] Oyedele, V. at Chikwature, W. (2016). English composition writing skills at ordinary level and its effect on students' performance in three day secondary schools in mutare district, manicaland. *European Journal of English Language, Linguistics and Literature*, 3(1).

[9] Raptoul, E., Stamatis, P., at Raptis, N. (2017). Communication as an educational skill in school units of the 21st Century: A survey research century: A survey research. *Asian Education Studies,* *2*(2)*.* Retrieved from https://doi.org/10.20849/aes.v2i2.153